**21. Gaano katagal bago ko makuha ang pera ko?**
Pwedeng umabot ng mga araw o taon bago mo makuha ang pera sa amo mo. Maraming bagay ang maaaring magpabilis o magpabagal ng pagbayad ng claim. Kung kumpleto ang iyong mga papeles at nakipagtutulungan ang amo mo, mapapabilis ang proseso. Pero kung hindi maayos ang iyong mga papeles at hindi matulungin ang iyong amo, maaaring tumagal ito.

**22. Ano ang pinagkaiba ng mga full-time, part-time at temporary na empleyado?**
Sa Wage and Hour Administration, walang pagkakaiba ang full-time, part-time o temporary na empleyado. May mga amo na nagbibigay ng benepisyo sa mga full-time na manggagawa pero hindi nagbibigay ng kaparehong benepisyo sa mga manggagawang part-time o mga pansamantala lang. Kung hindi ka full-time na empleyado at gusto mong malaman kung may karapatan ka sa mga benepisyo, kailangang kausapin mo ang amo mo dahil mayroon dapat silang mga alituntuning nagsasaad kung sino ang nararapat para sa benepisyo at kung sino ang hindi. Para sa mga tanong ukol sa benepisyo, sumangguni sa US Department of Labor, Employee Benefits Security Administration sa 1-866-444-3272 o kaya online sa http://askebsa.dol.gov/

**23. Ano ang mga kinakailangan para sa pabiyaheng pabalik sa lugar na pinagsimulan (return transportation)?**
Kapag pinagamit ka ng sasakyan, binayaran ang pamasahe mo o pinautang ka ng panggastos sa pagbiyahe ng amo mo mula sa lugar ng trabaho mo hanggang sa lugar na nasa loob o labas ng Alaska, kailangang bayaran niya din ang biyahe mo pabalik sa lugar na ito, o kung saan mang lugar na napag-usapan ninyo sa pagtapos ng iyong pagsisilbi. Hindi kinakailangan na magbayad ang iyong amo ng gastusin para sa pabalik na biyahe kung natanggal ka sa trabaho dahil sa pakikipag-away, pagkalasing, pagsisinungaling sa aplikasyon mo sa trabaho, o dahil sa mga pagkawala mo sa tungkulin na walang pahintulot, na higit sa tatlong magkakasunod na araw ng takdang trabaho. Kung ikaw ang umalis sa trabaho, hindi kailangang bayaran ng amo mo ang gastos ng biyaheng pabalik, maliban lang kung ang dahilan ng iyong pag-alis ay dahil sa maling sahod, tirahan o pamamalakad sa trabaho, o di kayaý dahil sa iyong kalusugan o kaligtasan.

**Ang dokumentong ito ay dinisenyo upang magbigay ng isang pangkalahatang-unawa ukol sa proteksiyon sa pasahod at mga oras ng trabaho para sa mga empleyado. Ito ay hindi dapat ipakahulugan na legal na payo**

# FILIPINO

# Department of Labor and Workforce Development

## Wage and Hour

**Madalas na katanungan**
**(Frequently Asked Questions)**



**PARA SA KARAGDAGANG INPORMASYON TUNGKOL SA ALASKA LABOR LAWS, SUMANGGUNI:**
**Wage and Hour Offices**
**Anchorage – (907) 269-4900**
**Fairbanks – (907) 451-2886;**
**Juneau – (907) 465-4842**
**http://www.labor.alaska.gov/lss/whhome.htm**

**MAARING MAGKAIBA ANG FEDERAL LAW SA STATE LAW. KUNG GAYON, ANG MAS MAHIGPIT SA DALAWA ANG MANANAIG.**
**KUNG MAY KATANUNGAN? SUMANGGUNI SA USDOL FEDERAL WHD 1-866-487-9243, O SA ANCHORAGE (907) 271-2867.**

Nabago nitong Enero 2023

**1. Ano ang minimum wage (o pinakamababang sahod) sa Alaska?**
$10.85 kada ora. Ang kabuoang sahod ay nalalaman sa pag-multiply/pagpadami ng $10.85 at ng bilang ng oras na pagtrabaho. Ito ang pinakamababang sahod na puwedeng mabayaran sa isang manggagawa.

**2. Kailangan ba akong mabayaran ng dagdag sahod para sa overtime?**
Oo, maliban lang sa kaunting katiwalisan. Kung ang trabaho mo ay higit sa walong oras sa isang araw, o higit sa 40 oras sa isang linggo, katumbas ng isa't kalahating beses ng sahod mo kada oras ang bayad mo para sa trabaho mo na sumobra sa takdang oras. Sumangguni sa Wage and Hour Administration Office kung may mga katanungan ka.

**3. Kung binabayaran ako ng kada oras, kailangan pa bang mabayaran ng minimum wage at overtime?**
Oo. Kahit sa anumang pamamaraan ng pagbayad-sahod, maging kada-oras, piece-rate, komisyon o ano pa man, lahat ng manggagawa ay may karapatang makatanggap ng pinakamababang sahod at overtime na alok sa Alaska, maliban lang kung nasasakop sila ng mga katiwalisan. Maniguro sa Wage and Hour Administration Office.

**4. Pwede ba akong utusan ng aking amo na mag-overtime?**
Oo, pero anumang oras na humigit sa walong oras kada araw, o 40 oras sa isang linggo ay kinakailangang mabayaran ng katumbas ng isa't kalahating beses ng iyong hourly rate kada oras. Kapag hindi nababayaran ang iyong overtime, itoý maituturing na pagnanakaw sa sahod, o wage theft, na dapat mong isumbong sa Wage and Hour Administration Office.

**5. Pwede ba akong bigyan ng aking amo ng "comp time" o palit-oras sa halip ng pagbayad ng overtime?**
Hindi. Bawal sa Alaska ang pagbigay ng "comp time" sa halip ng overtime pay. Karapatan mo ang mabayaran ng overtime pay kapag nag-overtime ka, at dapat maipakita ito sa iyong paycheck at nakasaad sa iyong pay stub.

**6. May karapatan ba ang mga sahurang manggagawa sa overtime?**
Ang pagtanggap ng buwanang sahod ay hindi nangangatuwirang hindi ka na saklaw ng karapatan sa pagtanggap ng overtime pay. May mga empleyado na hindi dapat makatanggap ng overtime pay tulad ng tagapagpaganap (executive), nasa administrasyon, o mga propesyonal na kinakailangang sumang-ayon sa napipiling batayan. Malalaman mo kung sakop ka sa mga may karapatang tumanggap ng overtime pay ayon sa iyong trabaho, katungkulan, responsibilidad at pamamaraan ng pagsahod.

**7. Ilang dapat ang manggagawa ng amo bago siya kinakailangang magbayad ng overtime?**
Kinakailangan niya ng apat, o higit pa na manggagawa bago siya kakailanganing magbayad ng overtime. Kung kulang sa apat ang kanyang manggagawa, pwede niyang bayaran sila ng katumbas ng kanilang sahod kada oras.

**8. Sinabi ng amo ko na ako ay isang "independent contractor." Ano ang ibig sabihin nito?**
Ang "independent contractor" ay naituturing na negosyong hiwalay (or naibukod) sa negosyo ng amo. Kung mayroon kang boss, pero ang tawag sa iyo ng amo mo ay "independent contractor,"maaaring nagtratrabaho ka na walang proteksyon at benepisyo na naibibigay sa mga manggagawa tulad ng Worker's Compensation coverage, Unemployment Insurance coverage o Social Security benefits. Tumawag sa Workers Compensation Division sa 269-4980 o di kaya sa inyong Wage and Hour Administration Office upang makakuha ng tulong.

**9. May karapatan ba ako sa holiday bonus pay?**
Walang nakasaad sa batas na ganitong karapatan. Depende ito kung nangako ang iyong amo na magbigay ng holiday pay. Halimbawa, kung ipinangako ng employer mo na bayaran ka ng isa't kalahating beses para sa holiday pay, ang matatanggap mo ay isa't kalahating beses ng regular rate mo para sa mga oras na nagtrabaho ka sa holiday. Kung hindi ipinangako ng employer mo ang bonus para sa holiday pay, ang bayad mo ay straight time sa mga oras ng trabaho sa holiday. Kung ipinangako ng employer mo na bayaran ka ng holiday pay, ngunit hindi tinatag ang special rate, at nagtrabaho ka sa holiday, maari mong tanggapin ang straight time para sa 8 oras na trabaho at straight time para sa 8 oras na holiday pay.

**10. May karapatan ba ako sa sick leave? Vacation pay? Severance pay?**
May karapatan ka lamang kung ipinangako ito ng iyong amo. Ang sick leave, vacation pay at severance pay ay mga benepisyo na ibinibigay sa mga manggagawa, na kanilang matatanggap kahit na hindi sila nagtratrabaho. Samakatuwid, kinakailangang bayaran ng amo ang mga benepisyong ito kung meron lang siyang patakaran, o di kaya'y pangako sa inyo na magbigay ng ganitong benepisyo. Ipinapatupad ng Kagawaran ang "Employers'Own Rules"para sa ganitong mga benepisyo

**11. Kailangan ba akong mabayaran para sa "on-call" time?**
Medyo mahirap sagutin ito. Kung minsan nababayaran ito, at kung minsan din ay hindi. Ang makapagsasabi lang kung mababayaran ka ay kung pwede mong gawin ang gusto mo habang "on-call" ka. Kung kailangang may hawak kang beeper o cell phone pero magagawa mo ang gusto mo, hindi ka babayaran hanggang kinakailangangang sagutin mo ang tawag sa iyo. Kung kinakailangang nasa lugar ka ng negosyo ng amo mo at pinagbabawal ang pagbasa, pagbisita o pakikinig ng radyo, kinakailangang bayaran ka sa ganitong "on-call" time.

**12. Ano ang batas ukol sa break at meal periods?**
Ang mga tagapagpagawa sa Alaska ay kailangang magbigay ng break period na hindi kukulang sa 30 minuto para sa kabataang edad 14-17 kung nagtratrabaho sila ng 5 o higit pang magkakasunod na oras. Hindi na kinakailangang bigyan ng break ang mga empleyadong may edad ng 18 pataas. Kung pinapayagan ng amo ang break at ito ay hindi tumatagal ng 20 minuto, kinakailangang bayaran ka para sa panahon ng iyong break. Kung pinapayagan ng amo mo ang meal periods, hindi na niya kailangang bayaran ito kung higit ito sa 20 minuto at hindi ka nagtratrabaho.

**13. Maari bang palitan ng employer ko ang bayad ko?**
Oo, kailangan kang bigyan ng kasulatan bago sa payday na ito ay umepekto. Halimbawa: ang payday ay sa ika 20 ng buwan, kailangan bigyan ka ng kasulatan ng boss mo ng bagong bayad anumang araw hanggang sa ika 20 ng buwan. Lahat ng trabaho mo pagkaraan ng ika 20 ng buwan ay sa bagong bayad.

**14. Ano ang mga bawas sa aking paycheck?**
Cash o mga kakulangan sa cash register, nawala, nawawala, o ninakaw na ari-arian na pwedeng ibabawas kung

**15. Anong klaseng inpormasyon ang dapat ilagay ng employer ko sa pay stub ko?**
Kailangang ibigay ng amo mo ang mga sumusunod na inpormasyon sa iyong pay stub: gaano kahaba ang iyong trabaho, magkano ang iyong sahod, at ang halaga ng sahod mo; ilang oras na straight time, at overtime, ang sahod mo kada ora, ang total na sahod, bayad mo sa buwis, at ibang bawas na ipinahintulot mong maalis. Ang pay stub ay mayroon simula at wakas ng pay period.

**16. Nagbigay akong ng two weeks notice sa boss ko at sinisante niya ako. Anong magagawa ko?**
Ang mga tagapagpagawa sa Alaska ay hindi kailangang magbigay ng paliwanag para sisantihin ang maggagawa. Samakatuwid, walang batas ang nilabag ng amo sa wage and hour law. Maaring sumangguni ka sa abogado upang magsampa ng kasong hindi makatarungan termination laban sa boss mo. Kung ang paniwala mo ay diskriminasyon dahilan sa lahi, kulay ng balat, edad, pananampalataya, uri o katumbas na dahilan, sumangguni sa Human Rights Commission sa (907) 274-4692 o 1-800-478-4692.

**17. Kailan ko makukuha ang sahod ko sakaling nasisante o nagbitiw ako sa trabaho?**
Kung ikaw ay nasisante, kailangan ibigay ng boss mo ang lahat ng pera utang sa iyo sa 3 araw pagkatapos ng sisante (hindi bilang ang Sabado, Linggo at holiday). Kung ikaw ang nagbitiw sa katungkulan mo, ikaw ay mababayaran sa susunod na payday na hindi kulang sa 3 araw pagkatapos ng huling araw ng trabaho.

**18. Bakit nabigyan ang amo ko ng 20 araw para sagutin ang sulat ng Kagawaran tungkol sa wage claim ko, kung kinakailangan niya naman akong bayaran sa loob ng tatlong araw?**
Dapat siguruhin ng Kagawaran na mabigyan ng pagkakataong sumagot ang iyong amo laban sa iyong demanda. Ang tawag dito ay "due process." Ang pagbigay ng Kagawaran ng ganitong panahon ay halintulad sa nakatakdang 20 araw na ibinibigay ng mga korte, bilang sapat na panahon para sa pagsagot ng amo mo sa iyong reklamo.

**19. Gaano katagal ang panahon ko para sa paghain ng claim ko?**
Ang mga hiling para sa hindi nabayarang overtime o minimum wage ay kinakailangang maihanay sa loob ng dalawang taon mula ng araw ng pagsilbi mo ng trabaho. Ang mga pag-aangkin mo para sa straight-time wages o mga pinangakong benepisyo ay kinakailangang maihanay sa loob ng tatlong taon mula ng araw na nagawa mo ang trabaho. Ihanay mo sa lalong madaling panahon ang mga claim mo kapag nalaman mo na kailangang mabayaran ka ng iyong amo.

**20. Kailangan bang tanggapin ng Department ang claim ko?**
Hindi. Maaring tumanggi ang Department na tanggapin ang iyong claim dahilan sa wala itong bisa or enforceable claim, nagsampa ng pagkalugi (bankruptcy protection) ang boss mo, masiyadong matagal ang hinintay mo para mag-claim o ang claim mo ay lumampas sa pinahihintulot na halaga.